# PAGMAMAPA NG PANGANIB SA KLASE

Isipin ang mga panganib na nangyayari kung saan ka nakatira. Kung may mangyaring panganib habang nasa paaralan ka, may ideya ka ba kung paano maaapektuhan ang paaralan mo? Gumawa ng mapa para sa panganib para matukoy mo kung ano-anong simpleng pagbabago ang puwedeng gawin para maging mas ligtas kayo ng mga kaklase mo.

## Pagpaplano para sa Emergency

### Oras na Kailangan

1 oras

### Hirap

Madali

### Mga Kinakailangan

Malaking papel, makukulay na marker

## Mga tagubilin

**Unang Hakbang**

- Pag-usapan sa grupo ang mga panganib na nangyayari kung saan kayo nakatira. Pagkatapos, i-rate kung aling mga tinukoy na panganib ang mas malamang na mangyari kaysa sa iba.

**Ikalawang Hakbang**

- Pumili ng isang tao sa grupo na guguhit ng detalyadong plano ng silid-aralan.

**Ikatlong Hakbang**

- Suriin ang mga tinukoy na panganib at tukuyin sa mapa kung ano-anong bahagi ng silid-aralan ang puwedeng maapektuhan ng mga panganib (hal., pagbagsak ng bookcase kapag lumindol).

**Ikaapat na Hakbang**

- Pag-usapan ang mga pagbabagong dapat gawin sa silid-aralan para masiguro ang kaligtasan ng lahat kung mangyari man ang panganib.




www.preparecenter.org/TeenPrepKit